@aapiforceef | aapiforce-ef.vote




# VOTE AS A FORCE

## BY NOVEMBER 8

# SAMA-SAMANG BUMOTO

## SA IKA-8 NG NOBYEMBRE

# 2022 California Midterm Election Guide

## HANDA NA BA KAYONG BUMOTO?

ARE YOU READY TO VOTE?

### 1 AKO BA AY REHISTRADONG BUMOTO?

AM I REGISTERED TO VOTE?

Mag-rehistro hanggang sa Oktubre 24. Suriin ang inyong registration sa VoterStatus.sos.ca.gov o personal na magpatala. Register to vote by Oct 24. Check your registration status at VoterStatus.sos.ca.gov or register in person.

### 2 NASAAN ANG AKING BALOTA?

WHERE'S MY BALLOT?

Lahat ng nakatalang botante ay tatanggap ng kanilang vote-by-mail na balota. Hanapin ang ang inyong balota sa WheresMyBallot.sos.ca.gov. All registered voters will receive a vote-by-mail ballot. Locate your ballot at WheresMyBallot.sos.ca.gov.

### 3 PAG-ARALAN ANG MGA ISYU

RESEARCH THE ISSUES

Alam mo ba kung ano ang mga bagay na pagpapasyahan ng mga botante sa eleksyong ito? Patuloy na magbasa upang humigit ang iyong kaalaman! Do you know what California voters will be deciding in this election? Keep reading to learn more!

## PAANO KO IBABALIK ANG AKING BALOTA?

HOW DO I RETURN MY BALLOT?

Ipadala sa koreo o ihulog ang iyong balota sa mga "ballot drop box" sa lugar ng botohan hanggang 8 ng gabi sa ika-8 ng Nobyembre. Mail or drop off your vote-by-mail ballot at a ballot drop box, voting location, or county elections office by 8:00 p.m. on November 8.




Mailbox (hindi kailangan ang selyo)
mailbox (no postage needed)




Lokal na Lugar ng Botohan
ballot drop box




Lokal na lugar ng botohan
local polling place

SCAN ME

HANAPIN ANG PINAKA-MALAPIT NA LOKASYON NG DROP BOX AT LUGAR NG BOTOHAN: | FIND YOUR NEAREST DROPBOX OR POLLING PLACE HERE: CAEARLYVOTING.SOS.CA.GOV

PATALASTAS NA BINAYARAN NG CENTER FOR EMPOWERED POLITICS BALLOT MEASURE COMMITTEE, NONPROFIT 501 (C) 4

## PARA SAAN ANG "MIDTERM" NA ELEKSYON
### WHAT IS A MIDTERM ELECTION FOR?

Ang "midterm elections" ay ginaganap sa kalagitnaan ng termino ng Pangulo o sa pangalawang taon ng apat na taon niyang panunungkulan. Ang mga miyembro ng House of Representatives are ibonoboto tuwing dalawang taon habang ang mga miyembro ng Senado ay tuwing anim na taon. Ang resulta ng mga eleksyon na ito ay may kahalagahan sa kung sino ang nasa Kongreso at kung paano ginagawa ang mga batas.

Sa darating na Nobyembre, ang mga botante ng California ay boboto ng mga State at lokal na pinuno na syang gagawa ng mahahalagang desisyon ukol sa mga isyu na may malaking epekto sa ating mga komunidad. Magbibigay din kayo ng inyong desisyon sa mga bagay na may halaga sa ating pang araw-araw ng buhay.

Bumoboto tayo sa Midterms sapagkat dapat nating gamitin ang ating mga boses at lakas-pulitikal sa pagpili ng mga pinuno na ipaglalaban ang ating mga komunidad. Sa pagboto sa ika-8 ng Nobyembre, sinisiguro natin na tayo ay may bahagi sa kung paano ang ating State at ang bansa ay pamumunuan.

Midterm elections, or midterms, are held in the middle of a U.S. Presidential term, during the second year of a president's four-year period in office. Members of the House of Representatives are elected every two years while members of the Senate are elected every six years. The result of these elections impact who is in Congress and how laws are made.

In November, California voters will go to the polls to elect state and local leaders who will make important decisions about issues that affect our communities. Voters will also weigh in on ballot measures that impact our everyday lives.

We vote in the midterms because it is our right to use our voice and political power to elect leaders who will fight for our communities. By showing up to the polls on November 8, we ensure that we have a say in how our state and country is governed.

## MAHAHALAGANG DEADLINE
### IMPORTANT DEADLINES

Ika-10 ng Oktubre: Panimulang pagpapadala ng mga balota sa koreo
October 10: County elections office begin mailing ballots

Ika-24 ng Oktubre: Huling araw ng pagpapa-rehistro para bumoto at makatanggap ng balota sa koreo
October 24: Last day to register to vote and to receive ballot in the mail

Ika-8 ng Nobyembre: Araw ng Pagboto
November 8: Election Day




## ANO ANG MGA PAGPAPASYAHAN NG MGA BOTANTE?
### WHAT WILL VOTERS BE DECIDING?

Ang mga botante ay pipili ng mga pinuno sa mga sumusunod:
California voters will be electing leaders to represent them in the following offices:

- US Senate (Senado) | US Senate
- Gobernador | Governor
- Attorney General
- Secretary of State
- Representative (Kinatawan) sa Kongreso | US Representative in Congress
- Superintendent of Public Instruction
- State Senator
- Supreme Court Justices
- Mga karagdagang State at lokal na posisyon | Additional local and statewide positions

## SA IKA-8 NG NOBYEMBRE, SAMA-SAMA TAYONG BUMOTO PARA SA CALIFORNIA

ON NOVEMBER 8 VOTE AS A FORCE FOR CALIFORNIA

**BUMOTO NG MAAGA!** **VOTE EARLY!** **BUMOTO NGAYON!** **VOTE TODAY!**

## WHAT PROPOSITIONS WILL BE ON THE BALLOT?

### YES — PROP 1: REPRODUCTIVE FREEDOM

Guarantees reproductive freedom in the California Constitution by saying that the state cannot deny or interfere with a person's right to have an abortion and use contraceptives.

**The Facts**

Reproductive justice is when people have the right to have children, not have children, and to parent in safe communities.

Abortions are a common medical service and a vital part of reproductive health.

Restrictions on reproductive freedom cause harm to women of color.

**Vote YES on Prop 1**

California leads the country in its protections for reproductive freedom, especially now that the Supreme Court overturned the federal right to have an abortion. Let's ensure that the right to abortion access and reproductive health is protected for all!

### NEUTRAL — PROP 26: SPORTS BETTING

Sports betting, aside from horse racing, is not currently legal in California. This proposition would allow in-person sports betting at designated horse racetracks and at casinos operated by federally recognized Native American tribes. It would also allow additional kinds of gambling at tribal casinos, like roulette and dice games like craps.

### NO — PROP 27: ONLINE GAMBLING

Allows licensed Native American tribes and gambling companies to offer online sports betting. If passed, licensed tribes must give up some of their rights under federal law. It also increases the chance that minors would have access to online betting.

## ANO-ANONG PANUKALA ANG NASA BALOTA?

### PROP 1: KALAYAAN SA DESISYON SA SARILING KATAWAN — Oo

Ginagarantiya/Sinisiguro ang iyong Karapatan na desisyunan ang iyong katawan. Isinasaad nito na ang State ay hindi maaaring tanggihan o makialam sa iyong karapatan na magpalaglag (abortion) at gumamit o di gumamit ng "contraceptives". Ang California ay nangunguna sa proteksyon sa Kalayaan na mag-desisyon hinggil sa iyong katawan, higit lalo ngayon na tinanggal ng US Supreme Court ang karapatang pederal na magpalaglag Siguraduhin natin na ang karapatan na magkaroon ng daan na makapagpalaglag at tungo sa "reproductive health" ay protektado para sa lahat.

Ang mga katunayan

"Reproductive Justice" ay nangangahulugan na ang bawat tao ay may karapatan na magkaroon ng anak o hindi mag-anak, at maging magulang sa isang ligtas na komunidad.

Ang pagpapalaglag ay isang karaniwan serbisyo medical at mahalagang bahagi ng "reproductive health".

Ang paghihigpit sa karapatang "reproductive" ay nakapipinsala sa mga kababaihan na may kulay.

Bumoto ng OO sa Prop 1

Ang California ay nangunguna sa proteksyon sa Kalayaan na mag-desisyon hinggil sa iyong katawan, higit lalo ngayon na tinanggal ng US Supreme Court ang karapatang pederal na magpalaglag. Siguraduhin natin na ang karapatan na magkaroon ng daan na makapagpalaglag at tungo sa "reproductive health" ay protektado para sa lahat.

### PROP 26: PAGTAYA/PAGSUSUGAL SA SPORTS — Niyutral o walang pinapanigan

Ipapahintulot ang "in-person" na pagtaya sa mga nakatalagang karerahan ng kabayo at sa mga casino na pinapatakbo ng mga tribu na Native American na kinikilala ng gobyernong pederal Papahintulutan din ang karagdagang paraan ng pagsusugal sa mga nasabing casino.

### PROP 27: PAGSUSUGAL ONLINE — HINDI

Papahintulutan ang mga lisensyadong tribu na Native American at mga "out of state" na korporasyon na maglagay ng pagsusugal sa sports online para mga edad 21 at pataas, Kapag pumasa, ang mga lisensyadong tribu ay kinakailangang isuko ang kanilang karapatang soberenya sa ilalim ng batas pederal para mapayagan ang mga korporasyon na ma-kontrol ang online na pagsusugal sa sports (online sports betting).

**BUMOTO NG MAAGA!** **VOTE EARLY!** **BUMOTO NGAYON!** **VOTE TODAY!**

## WHAT PROPOSITIONS WILL BE ON THE BALLOT?

### YES — PROP 28: ARTS & MUSIC FUNDING

Supports additional funding for arts and music education in all K-12 public schools, including schools with high proportions of economically disadvantaged students. Directs $1 billion per year of existing school funding for arts and music education.

### NEUTRAL — PROP 29: DIALYSIS CLINICS

Imposes new requirements on dialysis clinics related to staffing, data reporting, and anti-discrimination. This proposition would require dialysis clinics to have at least one physician, nurse practitioner, or physician assistant present while patients are being treated. It also requires that clinics report infection data to the state and prohibits clinics from refusing treatment to people based on their insurance type.

### NEUTRAL — PROP 30: TAX FOR GREEN ENERGY

Increases tax on personal income above $2 million by 1.75% to fund zero-emission vehicle subsidies, zero-emission vehicle infrastructure (such as electric vehicle charging stations), and wildfire suppression and prevention programs.

### YES — PROP 31: FLAVORED TOBACCO BAN

Upholds California legislation from 2020 to ban the sale of flavored tobacco products. This law bans flavored tobacco products —including cigarettes, e-cigarettes, vapes, and chewing tobacco—from being sold in stores and vending machines. Tobacco corporations' attempt to undo the law puts kids and teens at risk of getting access to flavored tobacco products.

**BUMUTO NG MAAGA!** **VOTE EARLY!**

## ANO-ANONG PANUKALA ANG NASA BALOTA?

### PROP 28: PONDO PARA SA SINING AT MUSIKA — Oo

Sinusuportahan ang karagdagang pondo para edukasyon sa Sining at Musika sa lahat ng K-12 na paaralang publiko, kabilang ang mga paaralan na may mataas na proporsyon ng mag-aaral sa mas nakabababang antas ng ekonimiya. Magbibigay ng $1 Billion kada taon para sa edukasyon sa Sining at Musika.

### PROP 29: DIALYSIS CLINICS — Niyutral o walang pinapanigan

Magpapataw ng mga bagong requirements sa mga dialysis clinics hinggil sa tauhan nito, "data reporting" at diskriminasyon. Ang panukalang ito ay magsasaad na ang mga dialysis clinic ay kailangan na mayroong isang doctor, nurse practitioner, o "physician assistant" habang ang mga pasyente ay ginagamot. Itinatalaga rin nito na ang mga clinic ay mag-ulat ng "infection data" sa State at ipinagbabawal ang pagtanggi sa sino mang pasyente dahil sa uri ng kanyang insurance.

### PROP 30: BUWIS PARA SA ENERHIYANG "GREEN" — Niyutral o walang pinapanigan

Itinataas ang buwis sa personal na kita (income) na higit sa $2 million ng karagdagang 1.75% upang pondohan ang mga subsidyo sa mga sasakyang zero-emission, imprastrakturya (tulad ng mga electric charging stations), at mga programa sa pagsugpo at pag-iwas sa sunog sa kagubatan.

### PROP 31: PAGBABAWAL SA TOBACCO NA MAY FLAVOR — Oo

Pinaninidigan ang batas ng California noong 2020 na ipagbawal ang pagbebenta ng mga produktong tobacco na may flavor. Ang batas na ito ay nagbabawal ng flavored tobacco na produkto – kabilang ang sigarilyo, e-cigarettes, vapes at chewing tobacco – na maibenta sa mga tindahan at vending machines. Ang pagtatangka ng mga korporasyong tabako na mapawalang-bisa ang batas na ito ay maglalagay sa mga kabataan sa panganib na makakuha ng daan sa mga flavored tobacco na produkto.

**BUMOTO NGAYON!** **VOTE TODAY!**

# FREQUENTLY ASKED QUESTIONS

## CAN I VOTE IN PERSON?

All California voters will receive a vote-by-mail ballot. However, you can still choose to vote in person. And if you vote in person, you can bring someone to assist you in completing your ballot. You can vote at the polls on Election Day, November 8, from 7:00 a.m. to 8:00 p.m. The location of your polling place is provided in your county Voter Information Guide mailed to you by your county elections official.

You can also find your polling place by calling (800) 345-VOTE (8683), visiting www.sos.ca.gov/elections/polling-place, or texting 'Vote' to GOVOTE (468683).

You can also vote early in person at your county elections office. To find where you can vote early, visit https://caearlyvoting.sos.ca.gov/.

## WHAT IF I DON'T SPEAK ENGLISH?

California offers language assistance for voters in 10 Asian languages, including Chinese, Khmer, Korean, Tagalog, and Vietnamese. For language assistance in Chinese, dial (800) 339-2857.

## I MISSED THE DEADLINE TO REGISTER TO VOTE. CAN I STILL VOTE?

Yes! California offers same-day voter registration. Visit your polling place or county elections office at https://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/.

# MGA MALIMIT NA TANONG

## MAAARI BA AKONG BUMOTO NG PERSONAL?

Lahat ng botante ng California ay tatanggap ng vote-by-mail na balota. Subalit maaari ninyong piliin na bumoto ng personal. At kung kayo ay bobot ng personal, maaari kayong magsama ng sino man para tulungan kayong kumpletuhin ang inyong balota. Maaari kayong bumoto sa araw ng eleksyon, ika-8 ng Nobyembre mula alas 7 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi. Ang lugar ng inyong pagboto ay nakasaad sa County Information Guide na matatanggap ninyo mula sa inyong country election officer.

Maaari din ninyong hanapin ang inyong lugar na pagboto sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 345-VOTE (8683) o magpunta sa www.sos.ca.gov/elections/polling-place o mag-text ng VOTE sa GOVOTE (468683).

Maaari rin kayong bumoto ng maaga sa inyong county election office. Upang alamin kung saan kayo maaaring bumoto ng maaga, pumunta sa https://caearlyvoting.sos.ca.gov/.

## PAANO KUNG HINDI AKO NAGSASALITA NG INGLES?

Ang California ay nagbibigay ng tulong sa lenguahe para sa mga botante, Kabilang dito ang Tagalog/Pilipino, Chinese, Khmer, Korean at Vietnamese. Para sa tulong sa lenguaheng nais, i-dial (800) 339-2957.

Upang makatanggap ng tulong sa lenguahe mula inyong telepono, pumunta sa https://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/voting-california/voter-hotlines.

## PAANO KUNG HINDI AKO NAKAPAGPATALA NA BUMOTO? MAARI PA BA AKONG BUMOTO?

OO! Nagbibigay ang California ng same-day na pagapapa-rehistro. Pumunta sa inyong lugar ng pagboto o county elections office at https://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/.

**SA IKA-8 NG NOBYEMBRE, SAMA-SAMA TAYONG BUMOTO PARA SA CALIFORNIA**

ON NOVEMBER 8 VOTE AS A FORCE FOR CALIFORNIA